

Pagtatalaga ng mga bata ng Kanilang sarili sa Mahal na ina

O MARIA, aking Ina,

buong galak akong sumasamo sa Iyo ngayon
upang ialay sa iyo nang buong-buo ang aking puso.

Iniaalay ko sa iyo ang lahat-lahat sa akin at ang aking mga gawain.

Inihahandog ko sa iyo ang buong buhay ko.

Ipinagkakatiwala ko sa iyo ang lahat ng taong mahalaga sa akin:

ang aking mga mahal sa buhay,

magulang at mga kapatid,

lahat ng aking mga kaibigan

maging ang lahat na nagdulot sa akin ng sakit

Hayaan mo pong ikaw ay maging aming Ina.

Pagpalain at ingatan mo po kami sapagkat

nais naming maging iyong anak

Upang mahal in ka bilang Ina at laging tapat

na manalangin sa Iyo.

Tulungan mo po akong huwag makalimot

sa bawat araw

Na ako'y tanging para sa iyo.

Aking Ina, ako ay para sa iyo, ngayon at magpakailan man

Kasama mo at sa pamamagitan mo

nangangako akong magiging laging tapat

sa pagtalima kay Hesus

Amen.

ISANG MILYONG BATA

NAGDARASAL NG SANTO ROSARYO



Para sa pagkakaisa at kapayapaan

Sa ika-18 ng Oktubre



Aid to the
Church in Need

ACN INTERNATIONAL

www.millionkidspraying.org

info@millionkidspraying.org

Ang pagdarasal ng Santo Rosaryo

1. Mag-antanda ng Krus
2. Dasalin ang Sumasampalataya
3. Sabihin ang Unang Misteryo
4. Dasalin ang Ama Namin
 - 10 Aba Ginoong Maria
 - Luwalhati
 - Panalangin ng Fatima
5. Dasalin ang susunod na mga misteryo
6. Dasalin ang Aba Po Santa Mariang Reyna

Ang tanda ng Krus

Sa Ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo. Amen.

Ang Sumasampalataya

Sumasampalataya ako Sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa. Sumasampala-taya naman ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-*tao* Siya, lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Pon-cio Pilato, ipinako sa Krus, namatay at inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit, Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na *tao*. Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal sa Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na *tao* / at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Ama Namin

Ama namin sumasalangit ka, sam-bahin ang Ngalan mo, mapasaamin ang kaharian mo, sundin ang loob mo dito sa lupa, para nang sa langit. Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw, at patawarin mo kami sa aming mga sala, para nang pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin, at huwag mo kaming ipahintulot sa tukso at iadya mo kami sa lahat ng masama. Amen.

Aba Ginoong Maria

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya, ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo, bukod kang pinagpala sa babaeng lahat at pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus. Santa Maria, Ina ng Diyos, ipanalangin mo kaming makasalanan, ngayon at kung kami'y mamamatay. Amen.

Luwalhati

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo, Kapara noong unang-una, ngayon, magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Panalangin ng Fatima

O Hesus ko, patawarin mo kami sa aming mga sala. Iligtas mo kami sa apoy ng impiyerno. Hanguin mo ang mga kaluluwa sa purgatoryo lalung-lalo na ang mga nangangailangan ng iyong awa.

Ang Rosaryo ng mga Bata – Misteryo ng

1. Ang Pagbati- Ang Paglukob ng Espiritu Santo kay Maria

Ipinadala ng Diyos si Arkanghel Gabriel kay Maria sa Nazaret upang itanong sa kanya kung payag siyang maging Ina ni Hesus. Sinabi sa kanya ng Anghel na ang Diyos mismo ang magiging ama ng sanggol. At dahil naniniwala si Maria na magagawa ng Diyos ang lahat ng bagay, ibinigay niya ang kanyang „Oo“ O Maria, Ina ng Diyos, dumadalangin kami sa iyo: ipakita mo sa amin ang kahalagahan ng pananampalataya, upang kami ay maging tulad mong laging nakikinig sa Diyos at buong pananampalatayang sumusunod sa anumang nais niyang ipagawa.

2. Ang Pagdalaw- Si Maria at Hesus, nana sa sinapupunan, ay dumalaw kay Elisabet.

Sinabi ng Anghel Gabriel kay Maria na ang pinsan niyang si Elisabet ay nagdadalang-*tao* din. Kaya dali-daling nagpunta si Maria kay Elisabet upang siya ay tulungan. Nang sila ay magkita at magbatian, naramdaman ni Elisabet na naggagalaw sa tuwa ang sanggol sa kanyang sinapupunan. Ipinagkaloob sa kanya ng Espiritu Santo ang liwanag upang maunawaan ang misteryong kanyang nararanasan, batid niya na si Maria ang Ina ng Diyos kaya kanyang naisigaw: “Pinagpala ka Maria, sa pagkat ikaw ay naniwala!” O Maria, Ina ng Diyos, parang awa mo nang ipagdasal ang mga misyonero na gumaganap ng tungkuling dalhin ang Diyos sa mga *tao*. Makakita sana sila ng mga bukas na puso na handang tanggapin nang may kagalakan ang mensahe ni Hesus at sa kanya sila ay maniwala.

3. Ang Kapanganakan – Ipinanganak ni Maria si Hesus sa Betlehem.

Nang dumating si Jose at Maria sa Betlehem, napilitan silang tumuloy sa isang sabsaban, dahil wala nang lugar para sa kanila sa mga bahay-panuluyan. Kaya doon ipinanganak ang sanggol na si Hesus. At ang unang nakakita at nakasamba sa sanggol ay mga pastol. Sinabi ng mga anghel sa mga pastol na dumating na ang Mesiyas, ang tagapagligtas.

O Maria, Ina ng Diyos, idinadalangin namin ang mga bata at mga pamilyang walang matutuluyan, ang mga taong nawalan ng tirahan dahil sa mga digmaan o mga kalamidad. Magpadala ka ng mga mabubuting *tao* sa kanila upang sila ay arugain at dalhin sa kanila ang kapayapaan ng Diyos.

4. Ang Pagdadala sa Templo – Dinala ni Maria si Hesus sa tahanan ng Diyos.

Matapos ang apatnapung araw, dinala ni Jose at Maria si Hesus sa Templo sa Jerusalem bilang pagsunod sa batas ng mga Hudyo. Doon ay nakita sila ni Simeon, isang matanda at banal na *tao*. Sinabi sa kanya ng Espiritu Santo kung sino ang batang ito, kaya buong galak niyang kinalong ang bata at sinabi: „Nakita na ng aking mga mata ang kaligtasan, ang liwanag na tatanglaw sa lahat ng *tao*.“

O Hesus, dumadalangin kami sa iyo alang-alang sa mga taong hindi pa nakakakilala sa iyo. Ipagkaloob mo sa kanila ang biyaya at pagkakataong marinig ka at maunawaan na ikaw lamang ang tanging Liwanag at Kaligtasan ng sanlibutan.

5. Ang Pagkatagpo sa Batang Hesus sa Templo.

Noong si Hesus at labindalawang taong gulang, nagpunta siya kasama ng kanyang mga magulang sa Templo sa Jerusalem upang ipagdiwang ang Pista ng Paskuwa. Subalit lingid sa kaalaman ng kanyang mga magulang, siya ay nagpaiwan at nakipag-usap sa mga matatalino at matatanda tungkol sa Diyos, ang kanyang Ama. Samantala, sila Jose at Maria ay pauwi na noon nang napansin nilang wala si Hesus. Kaya nagbalik sila sa Jerusalem at buong pangangambang hinanap si Hesus hanggang sa siya ay matagpuan nila sa Templo.

O Diyos naming Ama, idinadalangin po namin ang lahat ng mga magulang na nawalan ng anak o nag-aalala para sa kanilang mga anak at ang mga nais magkaanak subalit nangangamba para sa kinabukasan. Tulungan po ninyo silang magtiwala sa inyo at ipadama po ninyo sa kanila na kayo ay lagi nilang kasama sa anumang sitwasyon ng kanilang buhay.